**LESSON PLAN** | Topic and Targeted Takeaways to Learn About and Retain
***Banghay-aralin*** | *Paksa at Inaasintang mga Matututunan at Maalala ng Mag-aaral*

**Week 8 Topic** | Discrimination among Races
***Paksa ng Linggo*** | *Diskriminasyon batay sa Lahi*

**Main Question** | What factors reinforce/thwart racial discrimination?
***Susi na Tanong*** | *Ano ang mga nagtutulak/pumipigil sa diskriminasyon sa lahi?*

**Key Learnings**
***Dapat Magagap***

1. **Racial Disparity** | As a whole and in their own contexts, there are dominant races and vulnerable races.
   ***Pagtatangi sa Lahi*** | *Sa kabuuan at kani-kanilang konteksto, may mga lahing dominante at may mga lahing dehado.*
2. **Dominant Groups** | Just as there are dominant species, there are also dominant groups within a species.
   *Kung may mga dominanteng species, mayron ding mga grupo na dominante sa loob ng isang species na kagaya ng Tao.*
3. **Mutuality among Races** | The goal is racial mutuality.
   *Ang layunin ay parehas na pagpapahalaga sa lahat ng lahi.*

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS

Mga Kagamitan:

a. Projector/TV
b. Laptop/Computer
c. Speaker
d. Societrix Tactile and Manipulative Tools

Paunang mga Gawain:

a. Panalangin
b. Pag-tsek ng Attendance
c. Thought of the Day
d. Pampasigla

**Contextualized Activities Balete, Aklan**

Sources:
https://www.youtube.com/watch?v=EGJhY8iDbJ8
https://philippines.licas.news/2022/04/27/macliing-dulag-and-earth-day/
Societrix.com



I. Animating the Affective Senses and Sustaining the Recollection of Learning
*Pagpupukaw ng Pakiramdam at Malaunang Pagpapatimo sa Alaala ng Napag-aralan*

### *Dam*

LIBRARY OF SONGS AND SOCIETY

*Sa ngalan ng huwad na kaunlaran*
*Ang bayan ay sa utang nadiin*
*At ito na ang kabayaran*
*Ang kanuno-nunuang lupain*

*Ang mga eksperto'y nagsasaya*
*At nagpupuri at sumasamba*
*Sa wangis ng diyos-diyusan nila*
*Ang dambuhalang dam*

*Damdam damdam damda dadam*
*Damdam damdam damda dadam*
*Damdam damdam damda dadam*
*Ang dambuhalang dam*

*Ang mga tribo'y nagtatatangis*
*Nananaghoy at nababaliw*
*Habang ang mga turistang mababangis*
*Nalilibang at naaaliw*

*Sa mga pulubing nagsasayaw*
*Mga katutubo ng Apayao*
*Na napaalis kahit umayaw*
*Alang-alang sa dam*

*Titigan ninyo ang gahigateng bato*
*Nagsasalarawan ng lipunang ito*
*Tulad ng mga gumawa rin nito*
*Walang pakiramdam*

Awitalakayan
DOWNLOAD TOPIC SONG

societrix.com/exemplars/08

AFFECTIVE CLASS EXERCISES

**Gawain 1. Awit at Talakayan: Sa Ngalan ng Huwad na Kaunlaran**

Habang pinapakinggan ang kanta, isipin ang isang mahalagang bagay na "nawawala" o "nabago" sa Balete dahil sa "pag-unlad" (hal. malinaw na ilog, mga lumang puno, payapang pamumuhay). Isulat ang kanilang nararamdaman tungkol dito.

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Anong "kaunlaran" sa Balete ang sa tingin ninyo ay nakasira sa magandang bagay sa inyong komunidad?

NOTES | REFERENCES | SOURCES | TASKS



AFFECTIVE CLASS EXERCISES

**Pamprosesong mga Tanong**

2. Paano nakakaapekto sa mga tao at sa kanilang pamumuhay ang pagkawala ng mga bagay na ito?

3. Kung ang isang lugar ay mawawalan ng pagpapahalaga sa kultura at tradisyon dahil sa pag-unlad, ano ang maaaring mangyari?

## II. Engaging the Cognitive Faculties through Critical Freewheeling Exchange of Inquiries, Suppositions, Information, and Opinions

*Pag-uudyok ng Kaisipan sa pamamagitan ng Mapanuri at Malayang Pagpapalitan ng mga Pagpapalagay, Katanungan, Kuro-kuro, at Kaalaman*

Race Bias


societrix.com/bincu/race

### COGNITIVE CLASS EXERCISES

**Diskusyon para sa Guro:**

**Macli-ing Dulag**

Si Macli-ing Dulag ay isang respetadong pinuno ng tribo ng Butbut sa Bugnay. Siya ay isang simpleng magsasaka na pinamunuan ang matagumpay na paglaban ng mga katutubo sa mapanganib na Chico River Dam Project noong 1970s. Ang proyektong ito ay nagbanta na lulunod sa libu-libong ektarya ng lupang ninuno, kabilang ang mga palayan at nayon, at magpapalayas ng humigit-kumulang 100,000 tao. Sa harap ng pananakot at militarism, pinag-isa ni Macli-ing ang mga magkakalabang tribo gamit ang tradisyonal na bodong (kasunduan ng kapayapaan), na nagpapatunay na ang kanilang pagkakaisa ay mas matibay kaysa sa plano ng gobyerno. Dahil sa kanyang matibay na paninindigan at mga salita tungkol sa pagmamay-ari ng tao sa lupa, siya ay pinatay ng mga sundalo noong gabi ng Abril 24, 1980. Ngunit ang kanyang kamatayan ay hindi nagpahinto sa paglaban; bagkus, ito ang naging mitsa na lalong nagbuklod sa mga taga-Cordillera at nagtulak sa World Bank na bawiin ang kanilang pondo, kaya't sa huli ay napilitang itigil ang proyekto ng pamahalaan. Si Macli-ing Dulag ay kinilalang bayani na nagbuwis ng kanyang buhay para protektahan ang lupa at karapatan ng mga katutubo, at ang kanyang sakripisyo ay ginugunita tuwing Cordillera Day.




*Source: https://philippines.licas.news/2022/04/27/macliing-dulag-and-earth-day/*



## III. Employing Physical Activities, Tactile Tools and Manipulatives to enhance Absorption and Internalization of the Subject and Key Learnings

*Paggalaw ng Katawan at Paggamit ng mga Aparatong Nabubusisi't Nahahawakan upang mapaigi ang Pagnguya at Pagsaloob ng Paksa at Kaakibat na Aral*

BINCU | Box of Biases


*Ang "Lah" ng Sa-Lah-Ed-An-Ga-Na*

*"Lahi"*

DISPARITIES AMONG RACES

Virtual Bincu

societrix.com/virtual.bincu




### PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

**Gawain 3. Societrix Model: BINCU | Box of Biases:**

***Gamitin ang "BINCU" model para mas maipaliwanag ang "Disaparities among Races".***

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. mayroon bang mga trabaho na sa tingin ninyo ay kadalasang ginagawa lang ng isang partikular na grupo (hal. Ati o Badjao)? Paano nakaaapekto sa pagtingin ng komunidad ang uri ng trabahong ginagawa ng isang grupo?

2. Kung may mga Taga-ibang lugar (tulad ng Ibang Tagalog o dayuhan) na naninirahan sa Balete, mas madali ba silang tanggapin kaysa sa mga Badjao o Ati? Ano ang sinasabi nito tungkol sa ating diskriminasyon batay sa lahi/etnisidad?

COGNITIVE CLASS EXERCISES

**Pamprosesong mga Tanong**

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit matindi ang pagtutol ni Macli-ing Dulag at ng mga taga-Cordillera sa pagpapatayo ng Chico River Dam Project?

2. Ano ang naging epekto ng pagpatay kay Macli-ing Dulag sa isinagawa nilang paglaban?

3. Bakit mahalaga pa rin ang pag-alala sa kuwento ni Macli-ing Dulag sa kasalukuyan?

***Pag-isipan ang mga sumusunod na ideya :***

May mga lahing dominante at may mga lahing dehado. Ito ay nangyayari dahil sa kasaysayan at sa mga maling paniniwala na "mas mataas" ang isang lahi kaysa sa iba. Minsan, nakikita ito sa mga pelikula o balita, kung saan ang isang lahi ay ipinapakita na mas matalino, mas magaling, o mas malakas. Dapat na mayroong parehas na pagpapahalaga sa lahat ng lahi. Hindi ibig sabihin na dahil sa magkakaiba ang lahi ay magkaiba na rin ang kanilang halaga.

**Gawain 2. Halintang Hasta sa atang-atang: Ang Hagdanan ng Balete**

Pangkatang Gawain: Hatiin ang klase sa tatlong (3) pangkat. Bawat grupo maglilista ng apat (4) na uri ng pangkat-tao na matatagpuan sa Balete at kalapit-bayan Halimbawa: Taga bukid, Taga banwa, Ate, Badjao atbp. Sa bawat pangkat-tao na inyong naitala, maglista ng isang (1) salita na madalas naririnig na "pangungutya" o negatibong tingin tungkol sa grupong iyon. Isulat ito sa tapat ng Pangkat.

Pamprosesong tanong:

1. Bakit sa tingin ninyo nagkakaroon ng mga negatibong tawag o tingin sa isang grupo (tulad ng Badjao o Ati), kahit hindi pa natin sila lubos na kilala?

2. Paano nakaaapekto sa pagkakaisa ng Balete ang pagkakaroon ng ganitong pagtatangi sa pagitan ng Taga-Ilaya at Taga-Ilawod?

3. Anong simpleng hakbang ang maaari nating gawin sa ating paaralan o komunidad upang mapakita na ang lahat ng pangkat-tao ay may pantay na halaga?



PHYSICAL AND TACTILE CLASS EXERCISES

3. Paano natin maipapakita sa mga miyembro ng iba't ibang pangkat (Taga-Ilaya, Taga-Ilawod, Ati, at iba pa) na ang kanilang kultura, paniniwala, at kontribusyon ay may pantay na halaga sa Balete? Magbigay ng isang halimbawa kung paano sila dapat ituring nang walang diskriminasyon.

**Gawain 4. Iisang Lahi – Iisang Lipi: Balete Diversity**

Magtalaga ng ilang mag-aaral bilang "Grupo A" (gamitin ang kulay na headband o simpleng simbolo, na kumakatawan sa Dominant Group sa simula) at iba bilang "Grupo B" (walang headband, na kumakatawan sa Dehadong Lahi). Ang buong klase ay may iisang misyon: Kunin ang "Gantimpala" (isang maliit na bagay, tulad ng papel o candy) na nakalagay sa kabilang dulo ng silid (o sa mesa ng guro).

Sabihin sa Grupo A na sila lang ang may karapatang gumalaw, magdesisyon, o magsalita. Ang Grupo B ay hindi pinapayagang gumalaw at dapat manatili sa isang sulok, kaya hindi sila makakatulong sa misyon. Hayaan ang Grupo A na subukang magawa ang misyon nang walang tulong ng Grupo B. Madalas, sila ay mabibigo o mahihirapan.

Pagkatapos, ipawalang-bisa ang mga headband at sabihin: "Ngayon, pantay-pantay na ang lahat! Gamitin ang lahat ng inyong lakas at talino, at magtulungan kayo sa misyon." Ulitin ang pagkuha sa gantimpala, ngunit magkakasama at pantay-pantay na ang lahat ng mag-aaral.

***Pamprosesong Tanong***:

1. Para sa Grupo B (Dehado):
   Ano ang naramdaman ninyo nang hindi kayo pinayagang tumulong?

2. Para sa Grupo A (Dominante):
   Ano ang naramdaman ninyo nang kayo lang ang pinilit na kumilos?
   Bakit kayo nahirapan?

3. Ano ang napag-aralan natin tungkol sa pagkakaisa at walang diskriminasyon nang magtulungan na ang lahat?

## IV. **Active Integration** | Content Creation for popularizing Citizens' Concerns
***Aktibong Paghahabi*** | *Paglikha ng Mensaheng may Pakialam sa mga Mamamayan*

Ang tribo, ang bayan
At lahing pinanggalingan
Ay di mga katibayan
Ng kahinaan o kagalingan

*Tribe and ethnicity*
*Don't amount to inferiority*
*Race and nationality*
*Don't add up to supremacy*

INTEGRATIVE CREATIVE CONTENT ADVOCACY CLASS EXERCISES

**Gawain 5. Balete: REELS Talk**

Gumawa ng maikling video (hal. 30 segundo) para sa isang Tiktok o Reels video. Ang video ay dapat magpapakita ng pagpapahalaga sa anumang pangkat o lahi sa mundo. Ang ang video ay dapat magtapos sa slogan na:

***"Lahing Pantay-Pantay, Ikaw at Ako! Tayong Lahat, Mabuhay!"***

Ibahagi ang mga nalikhang Reels sa pamamagitan ng pag-post sa mga Social Media sites. (Humingi ng pahintulot sa magulang.)



## V. Process and Impact Assessments from the views of Teachers and Students
*Pagtatasa ng Proseso at Epekto batay sa tingin at danas ng mga Guro at Mag-aaral*

| KEY ASSESSMENT INDICATORS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **AFFECTIVE** : Feelings over the Subject<br>*Pagdama sa Paksang Pinag-aaralan* | Numb<br>*Namanhid*<br>1 | Disdainful<br>*Nangutya*<br>2 | Affected<br>*Nabagbag*<br>3 | Hopeful<br>*Nag-alab*<br>4 | Shaken<br>*Nayanig*<br>5 |
| **COGNITIVE** : Thoughtful Consideration<br>*Pagsasa-isip ng Usaping Tinatalakay* | Falsehood<br>*Bulaan*<br>1 | Irrational<br>*Baligho*<br>2 | Mindful<br>*Mapagtanto*<br>3 | Thorough<br>*Mabusisi*<br>4 | Analytic<br>*Mapanuri*<br>5 |
| **PHYSICAL** : Participation in Activities<br>*Paglahok sa mga Pisikal na Aktibidad* | Unwilling<br>*Umiiwas*<br>1 | Hesitant<br>*Atubili*<br>2 | Cooperative<br>*Sumasali*<br>3 | Involved<br>*Ganado*<br>4 | Animated<br>*Bibo*<br>5 |
| **APPLIED** : Creative Content Advocacy<br>*Pagbabahagi ng Natutunan sa Klase* | Negligent<br>*Pabaya*<br>1 | Wanting<br>*Kulang*<br>2 | Compliant<br>*Bastante*<br>3 | Consistent<br>*Palagi*<br>4 | Persistent<br>*Pursigido*<br>5 |
| **PROCESS** : Generating Joy in Learning<br>*Paglinang ng Kasiyahan sa Pagkatuto* | Annoyed<br>*Nayayamot*<br>1 | Bored<br>*Nababagot*<br>2 | Content<br>*Kampante*<br>3 | Eager<br>*Natutuwa*<br>4 | Excited<br>*Nagagalak*<br>5 |

TEACHER'S ADAPTIVE NOTES | INNOVATIVE WAYS FORWARD